Lifestyle Discipleship ©

Conrad Jun Tolosa

Revised March 14, 2020

701. Dasal Power

Ang panalangin ay isang kapangyarihang taglay ng mga mananampalataya ni Cristo na dapat maunawaan nang lubusan. Ang mga sumusunod ay ang mga tagubilin na tinuturo ng salita ng Diyos tungkol sa bagay na ito:

1. Taglay sa Luke 11:1-13 ang isang tabas ng panalangin na ating masusundan at mapapalago. Sinasabi dito na isang araw habang nananalangin si Cristo, nakita Siya ng kanyang mga alagad. Hiniling sa Kanya ng mga ito na sila ay turuang manalangin. Ito ang sinabi sa kanila ng Panginoon:

a) Sa Diyos Ama kayo manalangin. Sinasabi sa John 1:12 na sa lahat nang tumatanggap at naniniwala sa pangalan ni Jesu Cristo ay pinagkakalooban ng karapatan na maging anak ng Diyos. Ang kausap ng Panginoon sa pagkakataong ito ay Kanyang mga disciples. Ibig sabihin, kung ikaw ay disipulo na ng Panginoon, sa iyong Ama sa langit ka dapat manalangin.

b) Ang panalangin ay isang paraan ng pagsamba. Sa ating pagsamba binibigyang puri natin ang Diyos sa Kanyang mga kamangha-manghang katangian at nilikha.

c) Sa ating pagdarasal, hilingin natin ang katuparan ng kalooban ng Diyos para sa ating buhay at sa mundo. Dahil dito, dapat nating alamin ang Kanyang kalooban para sa atin.

d) Atin ding hilingin ang ating mga pangangailangan, pagkain at iba pa, one day at a time.

e) Kasama sa ating dasal ang paghingi ng tawad sa ating mga kasalanan, tulad ng ginagawa nating pagpapatawad sa mga nagkakasala sa atin. Sa bahaging ito, tayo ay pinapaalalahanan sa ating responsibilidad na magpatawad sa mga nagkakasala sa atin na humihingi ng paumanhin.

f) Atin ding hilingin na tayo ay huwag dalhin sa pagsubok at tayo ay itawid sa kasamaan.

Sa Psalm 69:30 sinabi ni Haring David na, *Pupurihin ko ang Pangalan ng Diyos sa pag-awit at luluwalhatiin ko Siya sa pamamagitan ng pagpapasalamat.* Sa Psalm 95:2 naman sinasabihan tayo ng ganito: *Lumapit tayo sa harapan ng Diyos nang may pagpapasalamat at purihin Siya sa pamamagitan ng musika at pag-awit.* At sa Philippians 4:6 ang sabi naman ni Apostol Pablo ay *Huwag mabahala sa ano man, subalit sa lahat ng bagay, sa pamamagitan ng panalangin kalakip ng pagpapasalamat, ihayag mo ang iyong mga*

kahilingan sa Diyos. Maliwanag na ang pasasalamat ay isang mahalagang bahagi ng panalangin.

Ang mga bahagi sa katuruang ito tungkol sa pagdarasal ay ang pagsamba, pagpapasalamat, paghiling, paghingi ng tawad at pagpapakumbaba.

2. Manindigan sa panalangin. Ang sabi ng Panginoong Jesus ay kung ikaw ay mananalig at magiging mapusok, mapilit at walang tigil sa panalangin, makakamtan mo ano man ang iyong hilingin. Ang sabi naman ni James ay kapag tayo ay may hinihiling dapat na tayo ay manalig at hindi mag-alinlangan, sapagkat ang taong mapag-alinlangan ay parang alon sa dagat, na napag-hahampasan ng hangin. Sinabi ni Apostol Juan na ang ating compiyansa sa paglapit sa Diyos ay ang pagsang-ayon ng ating hinihiling sa Kanyang kalooban. At kung alam nating Siya ay nakikinig, tatanggapin natin ang anumang a*ting hilingin* (Matthew 21:22, 1 Thessalonians 5:16-18; James 1:6; 1 John 5:14).

3. Alisin ang hadlang sa panalangin. Ang sinasabi sa Psalms 66:18-19 ay ganito: Kung may pinagtatangi akong kasalanan sa aking puso, hindi sana ako pinakinggan ng Panginoon. Subalit dininig Niya ang aking tinig at pinagkaloob Niya ang aking panalangin. Sinabi naman ni Isaias sa bayan ng Israel na ang kanilang kasalanan ang naghiwalay sa kanila sa Diyos at dahil sa kanilang kasalanan kaya ikinubli ng Diyos ang Kanyang mukha upang di sila marinig. Tunay na ang kasalanan ay nagiging hadlang sa ating mga panalangin. Nararapat lamang na iladlad natin ang ating puso't damdamin sa Diyos at ihingi ng tawad ang ating mga pagkakasala.

4. Manalangin para sa benepisyo ng iba. Sinasabi ni Apostol Pablo na alalahanin din natin ang interest ng iba at ipanalangin natin ang lahat nang namumuno sa bayan upang tayo ay makapamuhay nang mapayapa at matahimik; makadiyos at may kabanalan (Philippians 2:4; 1 Timothy 2:1-2). Marami ang pangangailangan ng ating kapatiran, mga kaibigan at mga kababayan. Isang malaking pribelehiyo ang mailapit natin sila at ang kanilang pangangailangan sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin.

5. Manalangin sa Ngalan ni Cristo. Sa John 14:13, sinabi ni Cristo ang ganito: At gagawin Ko ano man ang inyong hilingin sa Ngalan Ko, upang ang Anak ay makapagbigay kaluwalhatian sa Ama. Maaari kayong humiling ng kahit ano sa Ngalan Ko, at ito ay Aking gagawin. Ang pangakong ito ng Panginoong Jesus ay hindi isang magic formula na parang, "Abra Kadabra." Ang mga salitang *Sa Ngalan ni Cristo* ay may malalim na kahulugan. Unang-una, taglay ng Pangalan ni Cristo ang Kanyang buong pusong pagpapasakop sa kalooban ng Diyos. At ikalawa, ang Kanyang walang reserbasyong pagtitiwala sa kapangyarihan ng Kanyang Ama na ipagkaloob ang Kanyang mga kahilingan.

Buod

Ang panalangin ay may taglay na limang bahagi: a) Pagsamba, b) Pagpapasalamat, c) Pagpapakumbaba, d) Paghingi ng tawad, at e) Paghiling.

Ang mga sangkap ng epektibong panalangin ay: 1) Naaayon sa tabas ng turo ni Cristo, 2) May paninindigan, 3) Walang kasalanang makahahadlang, 4) Para rin sa benepisyo ng iba, at 5) Ginagawa sa Ngalan ni Cristo.

Ang Lifestyle Discipleship ay nagsisimula sa dasal. Ang pagdarasal ay isang napakahalagang bahagi ng buhay Cristiano at ginagawa sa umaga, tanghali at hanggang gabi; pagkagising, bago kumain, bago matulog.

Kung may pagkakataon, laging yayain ang isang bagong alagad ni Cristo na mag-participate siya sa mga sandali ng iyong pananalangin.

Copyright Conrad Jun Tolosa
Revised: March 14, 2020
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.